**Mga Umiiral at Planadong Alituntunin sa Pagpapalaganap ng Pantay Pantay na Pagtingin sa Iba't Ibang Lahi**

**Departamento ng mga Gusali**

Ang Departamento ng mga Gusali (BD) ay nagbibigay serbisyo para sa mga may ari at naninirahan sa mga dati at bagong tayong mga pribadong gusali sa pamamagitan ng pagpapatupad ng Ordinansa sa mga Gusali.

Mga Kabilang na Serbisyo

- Patungkol sa mga dati nang nakatayong gusali, kabilang sa aming mga serbisyo ay ang pagpapababa ng lebel ng panganib at istorbo na sanhi ng hindi otorisadong pagtatrabaho sa mga gusali at mga karatula ng mga anunsyo; pagpapalaganap ng importansya ng tamang pagkukumpuni at pagpapanatili ng mga lumang gusali, kanal at mga dalusdos; pagkokonsidera at pag-aapruba ng mga pagbabago at karagdagang mga trabaho; pagpoproseso ng mga dokumento sa ilalim ng pinasimpleng listahan ng mga pangangailangan at iskema ng pagbalida ng mga maliliit na trabaho sa kabahayan para sa Sistema ng pagkontrol ng mga maliliit na trabaho; pagpapaigi ng mga alituntunin sa kaligtasan laban sa sunog sa mga gusali at pagbibigay payo sa pagiging sapat ng lugar upang mabigyan ng lisensya para magamit ito para sa pangkomersyal na paraan.

- Patungkol sa mga bagong gusali, ang departamento ay sinusuri at pinapahintulutan ang mga plano para sa pagtayo ng gusali, magsagawa ng mga pagsuri at pag-audit sa mga trabahong pangkonstruksyon at kaligtasan sa lugar at nagbibigay ng mga permiso para matirhan sa oras na makumpleto ang pagbuo ng mga bagong gusali.

- Ang departamento ay nagbibigay serbisyo sa paraang propesyunal at pantay na pagtingin anuman ang kaibahan sa kultural at pagkakaiba ng mga wika dahil sa magkakaibang lahi.

Mga Umiiral na Alituntunin

- Ang serbisyo ay ibinibigay sa Wikang Tsino at/o Ingles. Ang mga impormasyon sa website ng departamento ay parehong sa Tsino at Ingles.

- Lahat ng impormasyon sa polyeto at pampleta ay maaaring makuha at maipamigay sa publiko na nakaimprenta sa parehong wikang Tsino at Ingles.

- Ang ID para sa wika ay inihanda para sa Center para sa Mapayapa at Pagpapaigi para sa mga Residenta ng mga

| | | |
|---|---|---|
| | | Minoryang Pangkat Etniko (CHEER) ay naka poste at nakalagay sa mga prominenteng lugar sa mga counter at mesa ng serbisyo. Ang serbisyo para sa interpretasyon at pagsasaling-wika ay isasaayos kung saan kung saan nararapat at kailangan sa pamamagitan ng CHEER. Ang CHEER ay nagbibigay rin ng serbisyong interpretasyon sa telepono sa walong wika, na Bahasa Indonesia, Hindi, Nepali, Punjabi, Urdu, Tagalog, Thai at Vietnamese. |
| Pagtatasa ng mga Trabaho sa Hinaharap | ● | Ang departamento ay magtatasa ng aming mga serbisyo sa bawat oras, upang ikonsidera ang mga katugunan at mungkahi mula sa publiko at mga kawani upang mas lalong mapag-igi ang aming mga serbisyo kung kinakailangan at kung nararapat. |
| Mga Karagdagang Alituntunin na Ginawa/ Kailangang Gawin | ● | Ang departamento ay magsasaayos ng mga kawani upang dumalo ng mga pagsasanay patungkol sa mga Ordinansa tungkol sa Diskriminasyon sa Ibang mga Lahi (RDO) at mga kaakibat na alituntunin, pagiging sensitibo sa ibang lahi at iba't ibang kultur ana inorganisa ng Pulong para Pagsasanay para sa Serbisyong Pansibil at Kaunlaran, at Pantay Pantay na Oportunidad ng Komisyon at pantay pantay na grupo. |
| | ● | Ang departamento ay mangongolekta at susuriin ang mga katugunan sa mga serbisyo mula sa mga gumagamit ng serbisyo at mga kawani nito. |

Para sa mga katanungan patungkol sa mga umiiral at planadong alituntunin sa pagpapalaganap ng pantay pantay na pagtingin sa iba't ibang lahi, mangyaring tawagan ang Surveyor ng Gusali/ Sa Serbisyong Teknikal 2 (Mr. Jason SEE) sa pamamagitan ng mga sumusunod -

| | | |
|---|---|---|
| Telepono | : | 3842 3444 |
| Fax no. | : | 2537 4992 |
| Email | : | enquiry@bd.gov.hk |
| Address | : | Departamento ng mga Gusali<br>G/F, Buildings Department Headquarters, North Tower, West Kowloon Government Offices,<br>11 Hoi Ting Road, Yau Ma Tei, Kowloon |

**Departamento ng mga Gusali Hunyo 2023**